REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

**TOMO XII - ISYU 2** **ABRIL-HULYO 2023**

**EDITORYAL**

# Isakdal ang traydor na rehimeng US-Marcos II sa kasalanan nito sa mamamayang Mindoreño

**Minarkahan ng walang kaparis na pagkapapet, korapsyon at pasismo ang unang taon ng inutil at pahirap na rehimeng US-Marcos II. Ibayo nitong pinasahol ang buhay ng mamamayang Mindoreño at sambayanang Pilipino na noon pa ma'y sadlak na sa kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi ng malakolonyal at malapyudal na lipunan.**




Pinakamalaking krimen ng rehimeng US-Marcos II ang walang pakundangang pagsuko ng soberanya ng bansa at garapalang pangangayupapa sa dikta ng amo nitong imperyalismong US, sa kapinsalaan ng sambayanang Pilipino. Mula't sa pagnakaw sa Halalan 2022, walang sinayang na sandali ang papet at kawatang tambalang Marcos-Duterte sa pagratsada ng mga kontra-mahirap at kontra-mamamayang polisiya sa reaksyunaryong gubyerno na pabor sa imperyalismong US at sa niluluto nitong digma laban sa Tsina.

Mula sa programang pang-ekonomya at agrikultura, programa para sa batayang serbisyong panlipunan, at planong pandepensa ng bansa, lahat ng plataporma ng traydor na rehimeng Marcos II ay para sa ganansya ng amo nitong dayuhan at pagkamal ng kikbak na pondo at oportunidad sa higit na pagpayaman sa sarili at sa kanyang mga kroni.

Lalo niyang isinadlak ang magsasakang Pilipino sa labis na kahirapan bunga ng palyadong programa sa agrikultura. Habang nasa direktang kontrol niya ang Departamento ng Agrikultura, tumatak ang patakarang importasyon ng produktong agrikultural bilang solusyon sa krisis sa pagkain, imbis na paunlarin ang kapasidad ng produksyong agrikultural ng bansa.

Wala itong solusyon sa kawalan ng lupa ng mga magsasaka at walang plano sa tunay na repormang agraryong may kaakibat na libreng pamamahagi ng lupa at karagdagang subsidyo at ayuda para sa kanila. Panlilinlang lamang ang pangako niyang ibaba sa P20 ang bawat kilo ng bigas.

Sa tusong maniobra na mailagay sa kontrol niya at ng kanyang mga kroni ang malaking pondo ng bayan, lantaran at garapalang niraratsada ng rehimeng US-Marcos II ang pagpapasa ng Maharlika Investment Fund (MIF) na ipinakete bilang pondo ng mamamayan para sa ekonomyang pag-unlad. Sa katotohanan, itinatransporma ng MIF ang pondong bayan tungong pribadong pondo na ipapailalim sa kontrol ni Marcos at ng kanyang tim ng economic managers para sa pamumuhunan sa mga linya ng negosyong nais nilang panghimasukan at kopohin.

Ito ang sukdulang larawan ng burukrata-kapitalismong kasabwat ang rubber stamp na Kongreso at Senado—ginogoyo ang mamamayan para maitayo ang imprastrukturang pampinansya para sa pandarambong kasabay ng paglalatag ng daluyan sa paglikom ng ninakaw na yaman ng pamilya Marcos na nasa iba't ibang lihim na akawnts. Mas malala pa ito sa ninakaw na Coco Levy Fund ng naunang diktador Marcos Sr na mula sa dugo at pawis ng mga magniniyog sa bansa na hanggang ngayon ay ipinagkakait pa rin sa kanila.

Bitbit ang islogang makakatulong sa mga magsasakang Pilipino, pumasok din si Marcos sa makadayuhang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP),

isang neoliberalistang kasunduan sa ekonomya sa pagitan ng malalaking dayuhang bansa at ng atrasadong bansa tulad ng Pilipinas.

Itutulak diumano nito upang maging maluwag ang kalakalan at pamumuhunan sa pagitan ng bansa. Sa totoo, tagibang na kasunduan ito dahil sa atrasadong sistema ng produksyon sa ating bansa.

Ang atrasadong sistemang ito ang nagpapataas ng gastos sa produksyon habang bumababa ang produktibidad. Hindi pabor sa Pilipinas na makipagkumpitensya sa "globalisado" at pandaigdigang merkado.

Taliwas sa sinasabing mareresolba ang problema ng mga magsasaka, wawasakin at ilulubog nito lalu sa pagkalugi ang kabuhayan ng uring magsasaka at mga mangingisda, ang mayor na uri sa Pilipinas at maging sa isla ng Mindoro.

Sa Mindoro, ipininta naman bilang tugon sa krisis sa kuryente sa isla ang nakaambang pamumuhunan ng NuScale Power Corporation para sa maliliit na plantang nukleyar bilang alternatibong mapagkukunan ng kuryente. Panabing lamang ito sa nakatagong layunin: pasilidad na gagamitin upang paglagakan ng armas nukleyar ng US. Bahagi ito ng 123 kasunduang pinasok ni Marcos sa udyok ng imperyalismong US. Malutas man nito ang krisis sa kuryente magdudulot ito ng dagdag na panganib sa kalikasan ng isla at sa buhay at kabuhayan ng mga Mindoreño.

Sa tabing naman ng depensa at pagtatanggol ng pambansang teritoryo, ipinatayo ng rehimen ang pasilidad para sa biniling BrahMos Missile sa Lubang Island, Occidental Mindoro.

Ang espesyal na tutok ng rehimen sa pagpapaunlad sa imprastruktura at depensa sa Mindoro ay pagtalima ni Marcos II sa Bilateral Defense Guidelines (BDG) sa balangkas ng Indo-Pacific Strategy ng US. Inihahanda ang Mindoro, bilang bahagi ng First Island Chain - mga islang nasa unang hanay ng depensa dahil sa estratehikong lapit nito sa West Philippine Sea (WPS) na mahalaga sa nilulutong digma ng US laban sa China.

Labis ding pinataba ng rehimen ang pondo ng mga sundalo at kapulisan sa reporma sa pension, dagdag sahod at benepisyo, pagbili ng mas maraming makabagong armas pandigma sa programang modernisasyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Sa pakikipagtulungan ng reaksyunaryong rehimeng Marcos II sa US, ibinukas nito ang bansa bilang arena ng digmaan at ang mga Pilipino bilang pambala sa kanyon sa digmang inter-imperyalista sa umiinit na girian nito laban sa China.

Habang tumitindi ang kagutuman at kahirapan ng mamamayan, dapat paghandaan at labanan ng mamamayang Mindoreño ang lubos na pagsandig ng pasistang gubyerno sa militarisasyon at panunupil. Tiyak na iwawasiwas ng gubyernong Marcos II ang mas marahas at mapanupil na kampanyang supresyon laban sa mamamayang Pilipino.

Pangita na ito sa lansakang paglabag ng pasistang AFP-PNP-MIMAROPA sa karapatang pantao ng mamamayang Mindoreño. Hindi bababa sa 50,000 mamamayang Mindoreño ang nabiktima ng rehimen sa unang taon pa lamang nito sa estado poder.

Tigmak na ng dugo ang kamay ni Marcos II sa 2 kaso ng pamamaslang sa mga sibilyan, 7 kaso ng pambobomba at istraping sa pamayanan ng mga sibilyan, 4 kaso ng sapilitang pagdampot at pagkawala ng mga magsasaka, 2 kaso ng iligal na pagdetine at aresto, napakaraming kaso ng pagpapasuko at pagbalandra sa mga sibilyan bilang mga pekeng surenderi, at daan-daang kaso ng redtagging laban sa mga Mindoreño.

Pinasinsin nito ang pakat at dinagdagan ang pangmaniobrang pwersa ng mga sundalo't pulis tungong 8.5 panagupang batalyon sa isla upang supilin ang mga mamamayan at likhain ang kultura ng impunidad o kawalang pananagutan sa mga krimen alinsunod sa nagpapatuloy ng hibang na pangarap nitong durugin ang rebolusyonaryong diwa at paglaban ng mamamayang Mindoreño.

Sa ganitong kalagayan, dapat magpunyagi ang lahat ng mamamayang Mindoreño na ubos-kayang biguin ang hibang na pangarap ng rehimen na apulain ang paglaban ng mamamayan.

Ang makatarungan at lehitimong karaingan ng mga Mindoreño ay dalhin sa paglakas ang paglaban sa lahat ng porma na kaya nilang lahukan: ligal, iligal, hayag, lihim hanggang armado. Kabigin ang lahat ng uri at sektor upang mabuo ang malapad na alyansa na lumalaban sa rehimeng

## NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Editoryal: Isakdal ang traydor na rehimeng US-Marcos II sa kasalanan nito sa mamamayang Mindoreño | 1 |
| Panggigipit at pagkait sa karapatan ng Mansalay 2, nagpapatuloy | 3 |
| Nagpapatuloy na kalbaryo ng mangingisdang Mindoreño | 4 |
| BAGSAK!: Marka ng mamamayan ng Occidental Mindoro sa isang taong paghahari ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II | 5 |
| Maharlika Investment Fund: Pagsipsip upang saidin ng lintang Marcos-Duterte ang natitirang yaman ng sambayanan | 6 |
| Karahasan ng AFP-PNP-MIMAROPA sa mga katutubong Mangyan sa Mindoro, nagpapatuloy | 9 |
| Mga Kwento ni Ka Madaay: Rebolusyonaryong hustisya nakamit ng Mangyan-Buhid sa matagumpay na ambus laban kay Private Mayuay Onaw ng 203rd Brigade | 10 |
| NDFP Corner: Ipagtanggol ang 25 taon moratorium sa pagmimina sa Isla ng Mindoro! | 11 |
| Dakilain ang buhay-at-pakikibaka ni Ka Hunter, huwarang kabataan, martir ng rebolusyong Pilipino! | 13 |
| Ka Mamay: Pulang Hukbo at Mabuting Anak ng Bayan | 15 |
| Pulang Saludo at Pagpupugay ng LDGC kay Benito "Ka Laan" Tiamzon at Wilma "Ka Bagong-Tao" Austria-Tiamzon | 16 |
| Ka Mamay | 17 |
| Mabuhay ang Gintuang Anibersaryo ng NDFP! | 18 |

US-Marcos II at nagsusulong ng pambansa-demokratikong adhikain. Kaalinsabay ng paglakas ng kilusang masa, dapat patuloy ang paglawak at paglalim ng baseng masa sa kanayunan hanggang sa kapatagan at mga sentrong bayan.

Sa nagbabadyang imperyalistang digma, wasto lamang na yakapin ng mamamayan ang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon at ang digmang mapagpalaya na isinusulong ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM at ng pangunahing bisig nito, ang Bagong Hukbong Bayan at Pambansa Demokratikong Prente sa Pilipinas.

Dapat pag-alabin ang di magagaping diwa ng Pulang hukbo sa pamamagitan ng pagpaparami ng sumasampa dito at maglunsad ng matutunog na taktikal na opensibang yayanig sa nagnanaknak na pundasyon ng reaksyunaryong rehimen. Ang tagumpay ng rebolusyon ang makapangyarihang sandata ng mamamayang Mindoreño upang isakdal, panagutin ang traydor na rehimeng US-Marcos II, at bigyang hustisya ang milyong mamamayang binusabos at pinagsamantalahan.

Ngayon pa lamang, dapat nang ipundar ang ipapalit na tunay na demokratikong gubyernong bayan at mag-ambag sa pagpanday ng tunay na makatao, malaya, at masaganang lipunan.

**BALITA**

# Panggigipit at pagkait sa karapatan ng Mansalay 2, nagpapatuloy

Kinundena ni Ma. Patricia Andal (MPA), tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines - Mindoro (NDFP-Mindoro) ang patuloy na paniniil at iligal na detensyon ng 2nd Infantry Division kay Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado, mga volunteer ng grupong Bigkis at Lakas ng Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK).

Ang dalawang aktibista ay iligal na dinakip at inaresto ng mga elemento ng 4th IB noong Abril 26, sa Sityo Buol, Brgy. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro habang sila ay nasa kasagsagan ng gawaing pananaliksik sa pinsalang dulot ng oil spill sa mga katutubong Mangyan lalo na sa pamayanan nilang malapit sa aplaya.

"Upang pagmukhaing lehitimo ang pag-aresto, tinaniman sila ng baril at ibinalandra bilang mga matataas na opisyal ng NPA.

Ilang araw lamang matapos ang iligal na pag-aresto ay bininbin na sila sa Camp Capinpin Army Station Hospital upang diumano ipakita ang "pagmamalasakit" ng gobyerno sa kapakanan ng dalawang nakabinbin.

Hanggang ngayon, patuloy pa din ang iligal na pagdetine sa kanila kahit walang malinaw na kasong isinasampa sa kanila.

Lagpas dalawang buwan na silang iligal na nakadetine sa 2nd ID Headquarters," dagdag ni MPA.

Ayon sa grupong Tanggol Magsasaka, ipinagkait sa dalawang aktibista ang kanilang karapatang makaugnay sa abogado at kapamilya ilang araw matapos silang dalhin sa Camp Capinpin. Nang iharap si Lizada sa mga kapamilya at abogado, nakitaan siya ng indikasyon ng pagpapahirap at tortyur samantalang si Aumentado ay hanggang sa sinusulat ito hindi pa ipinakausap sa kanyang abogado at pamilya.



*Naglunsod ang mga progresibong organisasyon ng mga pesante ng kampanya para palayain si Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado o mas kilala sa tawag na "Mansalay 2". Larawan mula sa Bulatlat.*

"Sa pagtrato sa kanila na waring mga hostage sa loob ng kampo, ipinagkait sa kanila ang "right to due process". Isa na namang patunay ito ng pag-iral ng pangil ng pasismo at bangis ng ilehitimo, pahirap at papet na rehimeng US-Marcos II at kanyang mga galamay na AFP-PNP.

Binabaluktot mismo ng mga ito ang Saligang Batas ng reaksyunaryong gubyerno alang-alang sa paglulunsad ng kanilang hibang na gyera kontra sa mamamayan sa ngalan ng anti-terorismo," ani MPA.

Samantala, patuloy namang kinakalampag ng iba't ibang organisasyong magsasaka at katutubo sa Timog Katagalugan ang reaksyunaryong rehimeng US-Marcos II upang ipanawagan ang kagyat na pagpapalaya sa dalawa.

Nanindigan naman ang NDFP-Mindoro na patuloy na makikiisa sa panawagan ng mamamayan upang palayain sina Lizada at Aumentado, at ang iba pang bilanggong pulitikal sa bansa.

"Sina Lizada at Aumentado ay kabilang sa humahabang listahan ng mga aktibista't tagapagtaguyod ng karapatang pantao sa Mindoro at sa bansa na walang-awang biniktima at inakusahan ng pasistang estado dahil sa kanilang adbokasiya at adhikain.

Dapat patuloy na isakdal ang pasistang 2nd ID na panagutan ang kanilang krimen laban kay Lizada at Aumentado.

Itambol ng mamamayan ang panawagan para sa pagpapalaya kina Lizada at Aumentado, kasama ang 169 pang bilanggong pulitikal sa iba't ibang kulungan sa bansa!" pagtatapos ng tagapagsalita.

**BALITA**

# Nagpapatuloy na kalbaryo ng mangingisdang Mindoreño

Hindi pa rin nakakabangon sa dustang kalagayan ang halos 24,698 mangingisda sa Oriental Mindoro at kalapit nitong probinsya sa CALABARZON, MIMAROPA, at Western Visayas sa pinsalang tinamo ng karagatan dahil sa pagtagas ng 800,000 litrong pang-industriyang langis na karga ng lumubog na MT Princess Empress. Tinatayang 8 bilyong piso ang pinsala sa kabuhayan at karagatan ng pagtagas ng langis. bukod pa ang epekto sa kalusugan ng mamamayan.

Tindig ng mga mangingisda, mas masahol pa sa COVID-19 ang natamo nilang pinsala mula sa oil spill. 3 buwan na ang nakakalipas, ngunit mailap pa rin sa libu-libong mangingisda ang kaginhawaan at pagbalik nila sa paghahanap-buhay.




## Kulang sa ayuda at kongkretong aksyon

"Wala pa ring kongkretong aksyon ang lokal na gobyerno para aksyunan ang hinaing naming mangingisda," ani Benedick Sibayan, presidente ng Hanay ng mga Yumayabong at Umuunlad na mga Mangingisda (HAYUMA).

Paglilinaw ni Sibayan, nagdeklara man ng "State of Calamity" ang lokal na pamahalaan ng Calapan at ipinanukala ang pagbibigay ng ayuda at suportang pinansyal, wala pa ring natatanggap na suporta ang mga mangingisda. Hindi rin sumapat ang programang P355 cash for work assistance ng DSWD para matugunan ang pangangailangang pampinansyal ng pamilya ng mga mangingisda. At kahit tinanggal na ang fishing ban sa Calapan noong Mayo 27, hindi pa rin lubusang nakakabawi ang mga mamamalakaya mula sa 3 buwang hindi paglaot.

"Walang konsultasyong naganap para sa suportang pampinansya lalo na para sa mga pamilya ng mga maralitang mangingisda," ani Sibayan.

Pahayag ni Tatay Nando*, residente mula sa isang barangay sa Calapan, "Nagbigay nga sila ng ayuda noong una, pero di sapat para mabawi ang kitang nawala sa hindi paglaot. Masama pa, yung sardinas nga mula sa relip na binigay nila isang beses, hindi na makain. Pagtapos ng tatlong buwan, wala na ring ayuda para sa amin,"

Dagdag pa ni Tatay Nando, hindi lamang ang mga mangingisda ang apektado dahil sa oil spill.

"Apektado rin ang iba't ibang sektor. Ang mga drayber at manininda, walang mabenta at medeliber na isda sa palengke. Kawawa rin nga ang mga estudyante. May hindi na makapasok na mga bata, kasi wala nang pambaon sa eskuwela."

## Pagpapanagot sa maysala

Kasabay ng paggunita sa World Earth Day, nagkasa ng pagkilos ang mga mangingisdang Mindoreño at iba pang maka-kalikasang grupo, sa pangunguna ng Protect Verde Island Passage Coalition, noong Abril 23 upang ipanawagan ang pangangalaga sa Verde Island Passage (VIP) at hustisya para sa mga napinsala ng oil spill sa Mindoro.

"Simbolo ito ng determinasyon ng paglaban ng nagkakaisang mamamayan para protektahan ang Verde Island Passage mula sa pagtagas ng langis na banta sa ating buhay, kalusugan, at hanapbuhay. Ngayong Earth Day ay nananawagan tayo sa lahat na maging huwarang tagapagtanggol ng ating kapaligiran," ayon kay Fr. Edwin Gariguez. Matatandaang ang VIP ang tinaguriang "center of the center of biodiversity" na bahagi ng pinakamalaking coral reef triad sa buong mundo.

Ayon naman kay Ka Ma. Patricia Andal (MPA), tagapagsalita ng NDFP-Mindoro, kailangang itambol ng mamamayang Mindoreño ang pagpapanagot sa RDC Reield Marine Services, may-ari ng MT Princess Empress at sa San Miguel Corporation ni Ramon Ang na nagsilbing charterer ng lumubog na barko.

"Kailangan nang bigyang katarungan ang mga sinalanta ng oil spill mula sa MT Princess Empress. Tanging sa pamamagitan ng pagpanagot sa malaking burgesya kumprador (MBK) na si Ramon Ang na sangkot sa trahedya maigagawad ang katarungan na hinahanap ng mga apektadong sektor.

Hindi biro ang idinulot nitong kahirapan sa masang naapektuhan lalo na ang mga taga-Oriental Mindoro na kagyat na pinagbawalan na maglaot sa pangingisda, gumamit ng tubig sa mga bukal, sapa, ilog at poso (water pump) 100 metro ang layo mula sa dalampasigan. Hindi lang pangisda kundi ang iba pang hanapbuhay at sistemang suporta sa kabuhayan at kagalingan ang naapektuhan ng trahedyang ito," ayon kay MPA.

Dagdag ni MPA, hindi dapat manahimik ang mga masang apektado ng trahedya at patuloy na matapang na kumilos upang igiit ang katarungan sa kanilang sinapit.

"Sa krisis na nalikha ng paglubog ng MT Princess Empress, marapat lamang na magbigkis ang mamamayang Mindoreño sa pagsusulong ng Pambansa-demokratikong rebolusyon (DRB) upang maipagtagumpay ang laban sa mga mapagsamantala't mandarambong na uring PML-MBK, tiwaling burukrata-kapitalista at mga amo nitong imperyalista," pagtatapos ng tagapagsalita.

LATHALAIN

# BAGSAK!

## *Marka ng mamamayan ng Occidental Mindoro sa isang taong paghahari ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II*

Sa loob ng isang taong paghahari ng ilehitimong rehimeng US-Marcos, walang makabuluhang pagbabagong naranasan, ni naramdaman ang mamamayan ng Occidental Mindoro.

Nagpapatuloy lamang ang kahirapang kanilang nararanasan na mula pa sa mga nagdaang rehimen dulot ng kawalan ng lupang mabubungkal at hanapbuhay, mababang presyo ng mga produktong bukid, mataas na halaga ng mga pangunahing bilihin at mababang sahod. Sa kabila ng mga ito, wala silang anumang ayudang natatanggap mula sa reaksyunaryong gubyerno bagkus dahas at higit na pambubusabos pa ang kanilang natatamasa.

### Patuloy na kawalan ng lupang mabubungkal at pyudal na pagsasamantala sa Occidental Mindoro



Sa Occidental Mindoro, nananatiling walo sa bawat sampung magsasaka ang wala o kulang ang lupang nabubungkal. Kabilang dito ang mga maralitang magsasaka na nakikisaka lamang, pumapasok bilang mga 'katulong' sa bukid o nagtatrabaho nang arawan kapalit ng kakarampot na sahod na P220 hanggang P300.

Para naman sa may mga lupa, napipilitan ang iba sa kanilang isangla o ibenta ang kanilang mga lupa dahil sa napakataas na presyo ng mga farm inputs. Sa presyo pa lang ng binhi, krudo at abono, mag-uumpisa pa lang sa pagtatanim baon na baon na sa utang ang mga magsasaka. Pagpasok lamang ng rehimeng US-Marcos, sumipa ang presyo ng abono mula P1,500 tungong P3,000.

Habang maraming magsasaka ang nananatiling kulang at walang lupang mabubungkal, nananatiling talamak ang monopolyong kontrol sa lupa ng iilang pamilya na siya ring kumukontrol sa iba't ibang kagamitan sa produksyon at bilihan ng produkto.

Kabilang sa mga malalaking panginoong maylupa sa lalawigan ay ang mga pamilyang Ramirez-Sato, Mendiola, Alfaro at Leycano, kabilang naman sa malalaking prodyuser ng bigas sa lalawigan ay ang Pag-asa Grains at Five Star Grains na pagmamay-ari din ng mga malalaking PML. Samantala, nananatiling napakababa ng presyo ng mga produktong bukid sa Occidental Mindoro. Isa ito sa mayor na dahilan kung bakit maraming magsasaka ang nababangkarote at napipilitang ibenta ang kanilang kakarampot na lupa.

Halimbawa dito ang pagtatanim ng sibuyas kung saan, binabarat ng mga mamimili ang mga magsasaka sa sibuyas, dahil sa kakulangan ng mga cold storage facility, napipilitan ang mga magsasakang ibenta ang kanilang mga sibuyas sa napakamurang halaga.

Sa palay, higit na naghihirap ang mga magsasaka sa palayan dahil sa napakababang presyo ng kada kilo ng palay na naglalaro lamang sa halagang P18, ang pinakamahal sa kabila ng mataas na presyo ng krudo at abono. Sa ganitong mga kalagayan, nananatiling bingi at walang pakialam ang rehimeng Marcos sa hinaing ng mamamayan.

### Karahasan at pambubusabos sa mamamayan ng Occidental Mindoro

Imbes na kabuhayan, karahasan at terorismo ang tugon ng rehimeng US-Marcos sa mamamayan ng Occidental Mindoro. Naglunsad ang AFP-PNP sa ilalim ng 203rd Infantry Brigade at PNP-Mimaropa ng mas malulupit na focused military operations at retooled community support program operations na nagdulot ng kaliwa't kanang paglabag sa karapatang tao.

Sa mga bayan ng Magsaysay, San Jose, Calintaan, Rizal at Sablayan hindi nabawasan bagkus nadadagdagan pa ang mga kampong itinatayo ng pasistang AFP-PNP na katabi o di kaya'y sa mismong mga pampublikong imprastruktura gaya ng mga iskwelahan, barangay hall, gym at iba pa na nagsasapanganib sa buhay ng mga sibilyan.

Ganito din ang kalagayan ng mga bayan ng Sta. Cruz, Abra de Ilog, Mamburao at Paluan sa kabila ng pagdedeklara ng reaksyunaryong gubyerno na 'insurgency free and ready for development' ang mga bayang ito.

Sa Rizal, niligalig ng mga pasista ang mamamayan ng mga barangay ng Aguas, Rizal, Manoot at Pitogo dahil sa paglabas-pasok ng mga nag-ooperasyong sundalo at pulis sa mga komunidad na naglulunsad din ng mga firing ng mga malalakas na armas.

Sa Calintaan, hindi napapanatag ang mamamayan ng mga barangay ng Tanyag, Malpalon, at Iriron dahil sa mga operasyong kombat ng militar at pulis at pananatili at pagtagal nila sa mga baryo.

Hindi nabawasan, bagkus nadagdagan pa ang kampo ng mga sundalo at pulis sa iba't ibang bahagi ng lalawigan sa mga baryong may malakas na pagtutol ang mamamayan sa mga anti-mamamayan na patakaran at proyekto ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa tabing ng NTF-ELCAC, ibinabandila ng AFP-PNP na makatwiran ang inilulunsad nitong terorismo sa kanayunan upang sugpuin ang lahat ng tumututol sa pasistang paghahari ng rehimen.

Naging talamak ang ginagawang red-tagging sa mga lider-masa at sibilyan. Sa katunayan, binabalik-balikan, tinatakot at pilit na pinaaamin ng mga militar at pulis ang mga residente ng Occidental Mindoro na pinaghihinalaan nilang may kinalaman o sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Ang ilan sa kanila'y biktima pa ng pekeng pagpapasuko sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration

Program nang dati pang rehimeng Duterte.

Ilang daan na ring mamamayan ng Occidental Mindoro ang naging palabigasan lamang ng AFP-PNP kapalit ang diumano'y 'pagpapalinis ng kanilang mga pangalan.'

Ayon kay Garry, isang magsasakang pinasuko ng 68th IBPA noon lamang nakaraang taon, wala siyang natanggap na anumang halaga mula sa kanyang pagsuko, tanging ilang kilong bigas, delata at papel na patunay na suko siya ang natanggap niya lamang. Bukod dito, naoobliga rin siyang bumalik bawat buwan sa kampo upang mag-report lamang na malaking abala sa kanya at pinangangambahan niya at kanyang pamilya.

Maging ang mga katutubong Mangyan ay hindi ligtas sa pandarahas ng mga pasista. May naitalang kaso ng mga pinagbubugbog na mga Mangyan ng tropa ng 68th IBPA dahil lamang sa pagdadala ng bigas. Noong nakaraang taon lamang, pinatay ng mga militar ang lider-katutubo na si Dante Yumanaw.

May mga kaso din ng food blockade, pananakit, sapilitang pagpapasuko at hamletting sa ilang mga komunidad ng mga katutubo.

### Husga ng mamamayan ng Occidental Mindoro sa isang taon ni Marcos

'Bagsak' ang tanging markang maibibigay ng mamamayan ng Occidental Mindoro sa ilehitimong rehimeng US-Marcos sa isang taon nitong paghahari. Ang nananatiling bagsak na kabuhayan at mababang antas na pamumuhay ng mamamayan sa lalawigan ang patunay lamang na walang pinag-iba at masahol pa ang rehimen sa mga nagdaan at sinundan nitong rehimen. Walang anumang palamuti at pabango ang makapagtatabon sa naaagnas at nabubulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na itinataguyod ng ilihetimong rehimen. Walang anumang dami ng mga pekeng balita at disimpormasyon ang makapagtatago sa nagdudumilat na katotohanang patuloy ang paghihirap ng mamamayan, patunay lamang dito ang patuloy na kagutuman at pagdurusa na nararanasan nila.

Sa ganitong mga kalagayan, higit na tumitibay ang komitment ng mamamayan ng Occidental Mindoro upang ipaglaban ang kanilang mga batayang karapatan. Tulad ng diktadurang rehimeng Marcos Sr. ang ilihetimong rehimeng Marcos Jr. ang siya na mismong magmumulat sa mamamayan upang higit na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan sa mas mataas na antas.

Tulad ng kanyang marka sa isang taong paghahari tiyak na babagsak din ang pasistang rehimen at ang mamamayan na mismo ang kikilos upang mangyayari ito sa ngalan ng tunay na demokrasya, kalayaan at kasaganaan.

**LATHALAIN**

# Maharlika Investment Fund

## *Pagsipsip upang saidin ng lintang Marcos-Duterte ang natitirang yaman ng sambayanan*

Noong Hulyo 18, pinirmahan na ni Ferdinand Marcos Jr ang Senate Bill 1670 o mas kilala sa tawag na Maharlika Investment Fund (MIF) Bill.

Namumukod tangi sa buong kasaysayan ng bansa ang pagkakatatag nito bilang Sovereign Wealth Fund (SWF).

Makasaysayan din na ipinangalan itong "Maharlika", na sa sinaunang panahon bago pa dumating ang Kolonyalistang Español, ay taguri sa mga magiging na mandirigma sa Luzon at Katagalugan.



*Pinirmahan na ni Ferdinand Marcos Jr ang Maharlika Investment Fund Bill noong Hulyo 18, 2023. Larawan mula sa RTVM.*

Ngunit kalapastangan sa kanila na gamitin ang salitang ito para sa nagbabadyang dambuhalang anomalya sa kasaysayan ng bansa.

Isang anomalyang may potensyal na higitan ang katiwalaan ng isa pang sumalaula sa salitang Maharlika - si Ferdinand Marcos Sr.

Matapos ideklarang "urgent" ang panukalang batas ng rehimeng US-Marcos II, kagyat ang pagratsada nito sa Kongreso at sa Senado.

Unang inihapag ang MIF Bill sa Kongreso noong ika-28 ng Nobyembre 2022 ng anak ng ilehitimong presidente at Representative ng Ilocos Norte na si Sandro Marcos.

Sinuportahan naman ang panukalang ito ni House Speaker Martin Romualdez, ang tiyuhin ni Marcos Jr. Naipasa lamang ang batas sa loob ng 18 araw na deliberasyon sa Mababang Kapulungan.

Samantala, naglathala naman si Senador Mark Villar ng bersyon ng nasabing batas. Naipasa ito sa Senado noong ika-31 ng Mayo 2023 sa kabila ng tuluy-tuloy na pambabatikos at pagtuligsa ng malawak na hanay ng ordinaryong mamamayan.

Sa proseso ng pagratsada ng rehimeng US-Marcos II sa MIF, isinantabi naman nito ang 19 pang batas na itinakdang prayoridad ng rehimen sa una nitong SONA noong nakaraang taon.

## Maharlika Investment Corporation: Kumpanya ng mga mandarambong

Pamamahalaan ang MIF ng Maharlika Investment Corporation (MIC) na may labing-limang Board of Directors (BOD) sa pamumuno ni Ferdinand Marcos Jr. Kabilang sa board nito ang mga presidente ng Land Bank at Development Bank of the Philippines (DBP), gobernador ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), Secretary of Finance, at anim pang kinatawan ng investor sa pondo.

Lima naman ang independyenteng direktor na magmumula sa pribadong sektor, akademya, at mga negosyanteng may kaalaman sa pamumuhunan. Nilagyan ito ng Advisory Body mula sa kalihim ng Department of Budget and Management, direktor ng National Economic Development Authority, presidente ng Philippine Stock Exchange at ng Bankers Association of the Philippines. Itatayo din ang MIF Joint Congressional Oversight Committee, isang komite na may 10 miyembro na tig -5 kinatawan mula sa Kongreso at Senado kabilang ang presidente ng Senado at Speaker ng kongreso.

Bilang tagapagtatag ng MIF, mag-aambag ang mga GFIs (Government Financing Institutions), kabilang ang Land Bank (P50 bilyon), DBP (P25 bilyon) at ang pambansang gobyerno sa pamamagitan ng dibidendo ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP, P50 bilyon). Inisyal nitong bubuunin ang pondong P125 bilyon na may garantiya ng pambansang gobyerno. Iaambag din ng BSP ang 100% ng kita nito sa unang dalawang taon ng MIF.

Sa kasunod na mga taon, ilalaan nito ang kalahati na lamang ng kanyang kita upang ang kalahati ay magamit na rin sa pagpapalaki ng pondong hawak ng BSP. Mula ikalawang taon, iaambag naman ng PAGCOR (Philippine Gaming Corporation) ang 10% ng taunang kita nito sa MIF. Bukas ang MIF sa sinuman o anumang entidad na mamuhunan dito. Ganun pa man, pinagbawalang magpasok ng pondo sa MIF ang Social Security System (SSS), Government Service Insurance System (GSIS), at iba pang social security fund dahil sa nauna nang pag-alma ng maraming mamamayan na isalang sa pamumuhunan ang kanilang kontribusyon sa nasabing mga pondong pang-pension.

Pinayagan ang MIF/MIC na mamuhunan sa loob at labas ng bansa sa anumang negosyong mataas ang katiyakan ng kita. Bagamat ang opisina nito ay ilalagay sa Kamaynilaan, maaari din itong magbukas ng opisina sa ibang bansa, kumuha ng mga tagapayo na may kaalaman sa lokal at pandaigdigang pamumuhunan kabilang ang financial market (pamumuhunan sa bonds at securities).

Samantalang ang sahod, bonus, at mga benepisyo ng mga opisyal at kawani ng MIC ay ibabatay sa pandaigdigang pamantayan ng pasahod. Itinakda ang maksimum na gastos sa operasyon sa 2% ng kabuuang hawak nitong pondo o katumbas ng sandamakmak na minimum na P2.5 Bilyon sa unang taon pa lamang batay sa inisyal na pondong P125 bilyon.

Upang bilugin ang ulo ng mamamayan na diumano'y "walang korapsyon", paiiralin ang




Freedom of Information upang garantiyahan ang transparency, paiiralin ang Santiago principle - ang mga prinsipyong isinusulong ng International Forum of Sovereign Wealth Funds na naggagarantiya ng istabilidad ng global financial system.

Ipinagbawal din ang pamumuhunan ng MIC sa mga negosyong lumalabag sa karapatan ng mga katutubong mamamayan, magsasaka, manggagawa at mangingisda, ang mamuhunan sa paglikha ng mga kagamitang pandigma at negosyong mapangwasak sa kalikasan.

Ang lahat ng transaksyon ng MIC ay sisiyasatin ng internal at eksternal na tagasuri (auditor) at ipipinal ng Commission on Audit (COA). Sa madaling sabi, nais linlangin ang mamamayan upang maalis ang anumang mga pagdududa, pag-aalangan at pagtutol na nauna nang inihayag sa iba't ibang daluyan dahil sa inaasahang katiwalian sa pondo.

Ang netong kita mula sa operasyon at pamumuhunan ng MIF ay pagpapartehin ayon sa sumusunod: 25% ang ilalaan sa subsidyo sa mahihirap. Tinukoy na "mahihirap" ang mga taong mas mababa sa poverty threshold na P12,030 na buwanang kita ng pamilyang may 5-katao na tinatayang sasaklawin ang 18.1% ng populasyon o 19.99 milyong Pilipino, batay sa 2021 sensus ng Philippine Statistics Authority (PSA). Ang natitirang bahaging netong kita ay isesentro sa pambansang pamahalaan na gagamitin naman sa mga panlipunang programa at imprastruktura. Ganun pa man, ang bahagi ng pambansang pamahalaan ay hindi lalampas sa bahagi ng saping puhunan na nailagak nito sa kabuuang pondo.

Bilang isang natatanging programa ng rehimeng US-Marcos II, binigyan ang MIF ng di-karaniwang mga kaluwagan sa operasyon nito (Article VII). Itinakda ng batas na hindi ito saklaw ng GOCC Governance Act of 2011 (o Republic Act No. 10149) , ng Government Procurement Reform Act (Republic Act No. 9184), at libre ito sa anumang pagbubuwis at customs duties sa lahat ng transaksyon sa ibang bansa

(Republic Act No. 10863 o Customs Modernization and Tariff Act). Dahil sa mga eksempsyon na ito, ang anumang pagpapanggap sa pagiging transparent nito ay lubusang naitapon sa hangin at nagmistulang "untouchable" o hindi pwedeng salingin ang MIC.

Hindi rin ilalapat dito ang Salary Standardization Act at Civil Service Law (Article VII, Section 27) kung kaya binibigyang luwag ang pamunuan nito sa pagbibigay ng sahod, honoraria, allowance, at bonus kahit lampas sa istandard ng iba pang korporasyon ng gobyerno.

Nasa Board nito ang presidente ng mga bangkong matataas na ang sahod na umaabot sa P12 millyon (DBP) at P16 milyon (LBP) bawat taon, kaya mas tataas pa dito ang tatanggaping sahod ng mga ito, ganun din ng iba pang opisyal nito.

Papalakpak ang tenga ng mga kroni, teknokrata, malalaking burukrata at dambuhalang negosyanteng mailalagay sa susing posisyon dito. Tumitingkad lamang ang magkaibang pagtrato ng rehimeng ito sa pagitan ng piling "magagaling", samantalang ang nagbibigay ng mahahalagang serbisyong panlipunan ay naipapako ang sahod tulad na lang ng mga manggagawa, manggagawang pangkalusugan, at mga guro.

## Maharlika Investment Scam: garapalang panlilinlang at pagnanakaw sa mamamayan

Sa orihinal na kahulugan, ang SWF ay binubuo ng reserbang pondo at labis na kita ng gobyerno mula sa paggamit nito ng likas na yaman o patrimonya ng bansa (langis, natural gas, mineral) at inilaan bilang puhunan sa malakihan at pangmatagalang proyektong mahalaga para sa estratehikong kapakanan ng lipunan.

Sa tinutuntungan pa lamang na batayan, hindi na dapat itayo ang MIF dahil walang labis na kita ang gobyerno para magtayo nito at baon pa sa utang ang bansa. Sa pagtatayo ng MIF mababawasan ang hawak na kapital ng mga GFI na pagmumulan ng inisyal na pondo kaya mababawasan pa ang kapasidad nito sa pagbibigay serbisyo.

Ang Land Bank ay nagseserbisyo sa sektor ng agrikultura habang nagseserbisyo ang DBP sa maliliit at katamtamang laking negosyo na bumubuo ng 99.5% ng kabuuang negosyo at nagbibigay ng 64.7% ng oportunidad sa empleyo sa buong bansa. Lalo namang susi sa ekonomya ang reserbang kapital ng BSP na siyang nagsisilbing imbakan ng salapi para maging istable ang halaga ng piso at ng buong sistemang pinansya ng bansa. Sa pagtatayo ng MIF, lilipat lamang ng kamay ang pondo ng mga GFIs upang gamitin ng MIC sa pamumuhunang mas mataas na kita subalit mas marisgo at kung ganun mailalagay pa sa posibilidad ng pagkalugi.

Maging ang mga burgis na ekonomista ay nagsabing wala sa paborableng posisyon ang ekonomya ng bansa upang magtayo ng SWF-MIF, higit lalo ngayong umiimpis (contraction) ang malalaking ekonomiya ng US, EU, China, Japan at iba pang direktang katransaksyon sa kalakalan ng bansa.

Malamang na hilahin ng pag-impis na ito sa panibagong krisis ang pandaigdigang pinansya na makakaapekto sa pamumuhunan ng katulad nating atrasadong ekonomiya. Kaya salamangka at hindi makakamit ang 8.6% na return on investment (ROI) na ipinangangalandakan ng mga nagtutulak ng MIF/MIC.

Ang paglulunsad ng proyektong pangkaunlaran ay sadyang tungkulin ng gobyerno sa mamamayan. May mga nakatayo nang ahensyang dati namang nagpapatupad nito, pero ngayon itatayo ang isang independyenteng korporasyon na patatakbuhin bilang pribadong pamumuhunan.

Sa ganito, ang mga proyektong tatanggapin ng MIC ay magiging mga proyektong pagkakakitaan lamang. Hindi ito magbibigay ng libreng serbisyo sa mamamayan, bagkus, ito ay mga serbisyong pamumuhunan na dapat kumita. Ayon sa batas na ito, may hurisdiksyon ang MIC na ipasara ang pamumuhunang hindi kikita sa loob ng 3 taon.

Di ba't ginigisa sa sariling mantika ang mga mamamayan dahil pera na ito ng bayan, idadaan pa sa negosyo para mapagkitaan ang mga proyektong dapat sanang direkta nang naimplementa at napapakinabangan? Kapag itinuring ang mga ito na negosyo, ang mga imprastruktura ay magkakaroon ng epekto sa gagamit, at babayaran na ang mga serbisyong ito na magpapataas ng gastos sa batayang pamumuhay.

Dahil sa mga eksempsyon at pagluluwag, sa pagiging libre sa buwis, customs duties at iba pang pribelihiyo, nag-eenganyo ang MIF na abusuhin ng mga malalaking panginoong maylupa, burgesya komprador at matataas na burukrata upang maiangkas sa nasabing ispesyal na eksempsyon ang kanilang mga sariling negosyo. Lalong maghihikayat ito ng kroniyismo, pagpapadrino, burukratismo at paglakas ng mga dinastiya sa pulitika at ekonomiya sa ligal at maging sa iligal na mga negosyo.

Madulas din na masasakyan ang mga eksempsyon na ito para sa money laundering ng mga taong may nakatagong malalaking halaga sa mga bangko sa labas ng bansa, at swabeng maipasok sa Pilipinas bilang pamumuhunan sa ngalan ng mga dummies na pwedeng kumatawan dito.

Ang napakababang kaparusahan at pananagutan sa mga katiwalian sa paghawak ng pondo, at mga anomalya ay nag-iimbita na pasukin ito ng mga korap at mandarambong. Lilikhain nito ang impunidad sa paglabag sa karapatang pang-ekonomiya at pagsakal sa buhay at kabuhayan ng mamamayan—na krimen sa mamamayan (plunder)—subalit maaaring parusahan lamang ng P10,000 at sa pinakamalaki na ang 5 milyong piso lamang at 10 taon ng pagkabilanggo.

Sa ganitong paglalatag ng MIF, malinaw na pandarambong, money laundering, pag-uusura at pagsasalamangka ng pera ng bayan na magsisimot sa natitira pang maaaring pakinabangan ng mamamayan sa kasalukuyang sistema. Nasa likod ng batas na ito ang kamay ng pinakamalaking kurakot sa kasaysayan ng Pilipinas, at ang mga nakikiangkas ditong mga kroni, kapwa malalaking burukrata, PML, burgesya komprador, mga teknokrata at kasabwat ang mga dayuhang mamumuhunan.

Salaminan ito ng paglala at paglalim ng

krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Kumikitid ang oportunidad sa pandarambong ng mga burukrata-kapitalista't naghaharing uri kung kaya nagmamaniobra ito para ipunin ang natitirang pondo ng bayan upang garantiyahan ang burukratikong korapsyon.

Malinaw na ito ang mukha ng pamilyang Marcos bilang numero unong mandarambong na burukrata-kapitalista sa kasaysayan ng sambayanang Pilipino. Ang kita sa MIF na ilalaan sa mga subsidyo ay palamuti sa isang programang naghihikayat nang pamamalimos ng taumbayan. Wala sa plano ng papet, pahirap at pasistang rehimeng Marcos-Duterte ang paglikha ng ekonomiyang makatitindig sa sarili sa paraan ng pagtatayo ng industriya at agrikultura upang masapatan ang pagkain at disenteng pamumuhay ng lumalaking populasyon ng bansa.

Samantala, uhaw na uhaw sa pagbabago ang mamamayan dahil sa daan-taon ng pagtitiis, kahirapan at pagkaalipin.

Dapat na ipaglaban ng sambayanan na mailaan sa kanila ang pondong sadyang sa kanila naman para pakinabangan.

Sa ganito, dapat nating gawin ang walang humpay na pagmumulat, pag-oorganisa, at pagpapakilos ng mamamayan upang isulong ang pambansa-demokratikong pakikibaka.

Ang demokratikong rebolusyon ng bayan ang magwawakas sa bulok na sistemang umiiral.

Sa pagkatupok ng reaksyunaryong gubyernong pinangungunahan ng papet, pasista at pahirap na rehimeng US-Marcos II, ipapalit ang Demokratikong Gubyernong Bayan ng mamamayan upang maisakatuparan ang programang pangkaunlaran ng isang malaya at demokratikong bansa.

**BANTAY KARAPATAN**

# Karahasan ng AFP-PNP-MIMAROPA sa mga katutubong Mangyan sa Mindoro, nagpapatuloy


**Pambobomba sa mga bukid at pamayanan.** Dalawang magkasunod na insidente ng pambobomba at pag-iistraping ang naganap sa lalawigan ng Oriental Mindoro noong Abril 29 at Mayo 8.

Unang binomba ang kabundukan sa hangganan ng Roxas at Mansalay noong Abril 29, 2023 na bumiktima sa kabuuang 10,870 residenteng naninirahan sa Brgy. San Vicente, Roxas at karatig na Brgy. Balugo at Waygan, Mansalay.

Ayon sa ulat na nakalap ng NDFP-Mindoro, bahagi ang nasabing panganganyon ng test firing na isinagawa ng mga berdugong nagkakampo sa gitna ng pamayanan ng Sitio Tauga, Brgy. San Vicente. Tinatayang nasa apat (4) hanggang anim (6) na bala ang ginamit ng pasistang militar para sa nasabing operasyon.

Samantala, 1,459 residente ng Barangay Tawas, Bongabong, at 1,932 residente ng Barangay Malo, Bansud ang nabulabog at dinahas ng walang habas na pambobomba at pag-iistraping sa kabundukang saklaw ng nasabing barangay kahapon lamang Mayo 8, bandang 2:20 ng hapon.

Tinarget ng bomba at istraping ang mga kubo at sagingan ng mga residente.



Nangyari ang pambobomba matapos magsagupaan ang berdugong 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA at ang isang yunit ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro.

Bago pa man naganap ang pambobomba at panganganyon, binubuliglig na ang mga residente ng mga barangay sa nasabing mga bayan ng walang patid na operasyong militar ng mga pulis at sundalo.

Kung susumahin, aabot na sa 14,261 residente ng limang barangay sa apat na bayan ng Oriental Mindoro ang nabiktima ng mga pasista ng kanilang mababangis na operasyon.

Dinaranas ng mga biktima ang grabeng takot, hindi mapagkatulog, pagkasira ng pagkakabuhay dulot ng tulig ng mga putok hatid ng bomba at helicopter.

**Pagdukot at pagbubugbog.** Muling naitala ang kaso ng pambubugbog, pagdukot, at iligal na pagbibinbin noong Mayo 23 sa Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro, isa ring "focus barangay" na target ng NTF-ELCAC.

Apat na katutubong Buhid ang hinuli sa tsekpoynt, iligal na inaresto, at sapilitang dinala sa kampo ng Murtha ng mga elemento ng 68th IB Philippine Army.

Habang nasa kampo, isinailalim ang mga katutubo sa iligal na interogasyon at toryur. Kinabukasan, isinama sila sa operasyon sa Brgy Manoot upang diumano ay hulihin ang mga elemento ng NPA na pinagdudahang katext ng mga katutubong ito.

Sa nasabing operasyon ng Army, hinuli, binugbog at kinaladkad ang isa pang katutubong Buhid na nakasalubong ng nag-ooperasyong sundalo sa daan. Binitbit nila ito sa masukal na lugar habang tuluy-tuloy na binubugbog at tinortyur.

Hiwalay na kaso naman ng pagdukot, pambubugbog, at iligal na pagbinbin ng 4th IB Philippine Army sa isang sibilyang Mangyan-Hanunuo ang naitala sa Sityo Kilapnit, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Hulyo 13.

Kasalukuyang nagsasagawa ng Retooled Community Support Program Operations (RCSPO) ang mga tropa ng AFP-PNP-MIMAROPA sa nasabing sityo nang mangyari ang insidente.

Dinukot, binugbog, tinortyur at iligal na bininbin si G. Pedro Ambad, isang Hanunuo-Mangyan sa Sityo Kilapnit, Brgy Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro noong katanghalian ng Hulyo 13 sa kanyang bukid, sa panahon ng operasyon ng hayok-sa-dugong 4th IB, Philippine Army. Piniringan, binusalan, at kinaladkad ng mga ito ang biktima sa isang lugar bago walang habas na binugbog habang paulit-ulit na tinatanong kung nasaan ang mga ipinatagong armas ng NPA sa kanilang lugar. Inalpasan lamang ito ng hatinggabi ng Hulyo 14, matapos ang 12 oras na tortyur. Bali ang tadyang ng biktima dahil dito. Matapos ang insidente, hinadlangan din mismo ng mga sundalo na maghabla sa barangay o makakuha ng serbisyong medikal ang biktima na naghahangad ng hustisya sa kanyang sinapit. Pinasinungalingan pa ng mga sundalo na ang nambugbog sa biktima ay mga NPA kung kaya't hindi na dapat iulat pa sa lokal na pamahalaan.

Kasunod nito, iligal namang pinasok ang bahay at pinagtangkaang dukutin si G. Admiraw Ambad noong gabi ng Linggo, Hulyo 16. Nagkataon lamang na nasa kapitbahay siya ng panahong iyon at wala sa kanyang pamamahay. Dahil sa takot, lumikas ang hindi bababa sa limang pamilya na mayroong 15 katao sa iba't-ibang lugar. Apektado ang kabuhayan maging ang pag-aaral ng mga bata dahil dito.

Ang nakakampong sundalo sa Sityo Kilapnit na nagsasagawa ng RCSPO ay naiulat na imbwelto rin sa panggigipit sa mga residente sa lugar. Kabilang dito ang pagpapalinis ng pangalan at pagpapasuko sa mga residenteng pinaghihinalaan nilang "tumutulong sa NPA".

Ang Barangay Panaytayan, na sumasakop sa Sityo Kilapnit, ay kabilang sa mga tinarget na focus barangay ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Matatandaang nagpapatuloy ang panggigipit sa mga mamamayan dito na nagsimula pa noong taong 2020. Naiulat din na nagpahayag ang mga sundalo na magtatayo sila ng kampo-militar sa loob ng pamayanan na magtatagal sa loob ng limang taon, bagay na nagdala ng matinding pangamba at takot sa mga insidente.

Matagal nang lantad sa mga Mindoreño ang karahasan at mapanlinlang na katangian ng FMO at RCSPO. Katunayan, higit 126,000 mamamayan ang naiulat na nabiktima ng FMO at RCSPO sa anim na taong panunungkulan ng rehimeng US-Duterte. Kabilang dito ang 40,348 biktima mula sa 15 pamayanan na nilukuban ng RCSPO sa Occidental at Oriental Mindoro nang ginawang kampo-militar ang mga ito ng 203rd Bde at PNP-MIMAROPA.

Sa pagpapatuloy naman ng rehimeng US-Marcos II sa programa ng NTF-ELCAC, ibayong sumahol ang kalagayan ng mga komunidad sa kapatagan at kabundukan sa isla. Katunayan, sa unang taon ng rehimeng Marcos, hindi bababa sa 55,000 sibilyan ang naging biktima nito sa mga operasyong militar at programa ng NTF-ELCAC.

Lalo lamang nitong ginagatungan ang paglaban ng mga Mindoreño. Pinatutunayan nito na walang masusulingan ang aping mamamayan kundi ang sama-samang pagdepensa at paglaban.

Dapat lang na magkaisa ang mga mamamayan sa paglalantad ng pasismo at tunay na mukha ng FMO-RCSPO. Paglingkurin ang galit ng mamamayan sa kongkretong aksyon, paniningil, at pagpapanagot sa humahabang lista ng pang-aabuso sa mga sibilyan. Buuin ang malapad at militanteng alyansang kontra-pasista na magtatambol sa sitwasyon ng karapatang pantao sa buong isla. Organisahin ang buong pamayanan upang palayasin ang mga sundalong nagkakampo sa lugar. Kabigin ang lahat ng sektor na kumikilala at kaisa sa kampanya para itaguyod ang karapatang pantao.

Sa tumitinding kampanyang panunupil sa mamamayang Mindoreño, dapat lang na puspusang lumaban ang mamamayang Mindoreño upang salagin ang patuloy na atake ng pasistang estado.



MGA KWENTO NI KA MADAAY

# *Rebolusyonaryong hustisya nakamit ng Mangyan-Buhid sa matagumpay na ambus laban kay Private Mayuay Onaw ng 203rd Brigade*

**Bumubula ng kasinungalingan ang bibig ng 203rd Infantry Brigade (203rdBde) sa pamumuno ni BGen Randolph G. Cabangbang sa paghahabi ng kwento kaugnay sa matagumpay na ambus ng isang yunit ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro (LDGC) noong Abril 25.**

Tinambangan ng isang yunit ng LDGC ang isang tim ng 4IB kung saan nasawi si Private Mayu-ay Onaw habang dalawang kasamahan niya ang nakatakas. Ligtas na pinauwi ang mga sibilyan na kasama ng tim ng 4IB, alinsunod sa pagtalima ng LDGC sa International Humanitarian Law (IHL).

Buhol-buhol na ang dila ni BGen Cabangbang sa pagpapakalat ng pekeng balita kaugnay sa magandang reputasyon ni Pvt. Onaw sa mga katutubong Mangyan-Buhid.

Ipinangangalandakan pa ng 4IB ang pagtalaga kay Pvt. Onaw bilang "liaison for development" na

ang pangunahing trabaho ay subaybayan ang mga proyektong isinasagawa sa Sitio Mantay.

Ngunit ang katotohanan ay sinusuka na ng katutubong Buhid ang 4IB at nahihiwalay na sa kanyang kapwa katutubo si Mayu-ay mula ng nag-special enlist ito bilang katutubong sundalo at naging ispesyal na operatiba ng 4th IB at 203rd Bde sa kontra-insurhensya.

Lantad na ang mabangis ng pangil ng walang pakundangang Focused Military Operations (FMO) at Retooled Community Support Program Operations (RCSPO) sa kanilang mga pamayanan mula pa 2019.

Ang proyektong "pangkaunlaran" sa Sitio Mantay ay tabing lamang ng kampo-militar upang kumpletuhin ang pangangailangan sa ala-garison na sistemang ipinatutupad sa sityo para pabilisin ang supresyon at panunupil sa mga katutubo sa erya. Nagsilbing baraks ang buong sityo Mantay.

Ginagamit na instrumento si Pvt. Onaw at mga kasamahan niyang nag-special enlist bilang kasangkapan ng 4IB at 203rd Bde para maghasik ng dahas, takot at pahigpitin ang pasistang kontrol ng kasundaluhan sa mga pamayanang katutubo. Produkto sila ng krudo at makahayop na taktika ng kaaway na gamitin ang katutubo upang supilin ang kapwa katutubo.

Malaki ang parte ni Pvt. Onaw sa pagpapanatili ng mala-Martial Law na kalagayan sa Sitio Mantay at sa lahat ng pamayanang katutubo sa mga bayan ng Rizal at San Jose sa Occidental Mindoro at Bongabong sa Oriental Mindoro.

Isa siya sa aktibong nanggigipit sa mga Buhid at naglalagay sa kanila sa panganib sa tuwing pwersahan niyang pinasusuko ang mga ito upang ibalandra bilang mga pekeng surenderi.

Kasama siya sa naggigiya sa operasyong militar sa mga komunidad ng mga katutubong target dahasin at pwersahang pasukuin.

Hindi siya abswelto sa walang pakundangang pag-istraping at panganganyon ng berdugong 4IB sa pamayanan ng mga katutubong Buhid sa tuwing bigo ang mga utak-pulburang sundalong mahanap ang yunit ng LDGC para itulak sa mga mapagpasyang labanan.

Duguan ang kamay ni Pvt. Onaw at ang buong 4IB sa anim (6) na katutubong Buhid na nagpakamatay nito lamang Abril, 2023 dahil sa tindi ng mental tortyur na dinanas sa pamimilit ng mga itong sila ay paamining kasapi ng NPA at pasukuin.

Ang utang na dugo ni Pvt. Onaw at ng 203rd Bde ay nararapat lamang na pagbayaran sa hukuman ng Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB).

Ang paggawad ng rebolusyonaryong hustisya ay bahagi ng tungkulin ng BHB sa pagpapatupad ng batas at desisyon ng DGB. Pilitin mang batuhin ng putik at dungisan ang prestihiyo ng BHB at ng rebolusyonaryong kilusan ng utak-pulburang AFP-PNP-MIMAROPA at pahirap na rehimeng US-Marcos II, hindi maitatanggi ang pagyakap at pagsuporta ng mga katutubong Mangyan at ng buong mamamayang Mindoreño sa tunay nilang hukbo - na walang iba kundi ang Bagong Hukbong Bayan.

Gaano man ka-desperado ang paghahabi ng ilusyon ni BGen Cabangbang na humihina na ang rebolusyonaryong Pulang hukbo, pinasinungalingan ng matagumpay na ambus ng LDGC ang kanyang mga buladas!


Tangan ang hindi magagaping diwa, buong-giting na isusulong ng mga Pulang kumander at mandirigma sa ilalim ng LDGC ang armadong pakikibaka alinsunod sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Makakaasa ang mamamayang Mindoreño na tutupdin ng LDGC ang dakilang misyon nitong durugin ang berdugong AFP-PNP-MIMAROPA, ang mersenaryong galamay ng bulok na estado sa isla ng Mindoro.

Patuloy na magpupunyagi ang Pulang hukbo sa paglilingkod at paggawad ng rebolusyonaryong hustisya para sa mamamayang Mindoreñong malaon nang api at pinagsasamantalahan.

Nakatudla ang lakas pamutok ng LDGC sa mga pasista upang ipagtanggol ang mamamayan, buhay man ang ialay, hanggang makamit ang ganap na tagumpay!

NDFP-MINDORO BULLETIN



MULA KAY KA MA. PATRICIA ANDAL

# Ipagtanggol ang 25 taon moratorium sa pagmimina sa Isla ng Mindoro!

*(Una sa dalawang bahagi)*

**Ang 25-taon moratorium ng pagmimina sa Oriental Mindoro ay isang panandang bato sa pagtatanggol sa buhay at kabuhayan ng Mindoreño at ng kalikasan ng isla ng Mindoro.**

Isinatitik ng Provincial Ordinance No. 01-2002 (SPO 01-2002) ng 2002 ang mahigit dalawang dekadang pagtutol ng mga Mindoreño sa malakihang pagmimina sa isla. Isinara nito sa malakihang pagmimina ang OrMin hanggang 2027.

Pinagtagpo ng batas na ito ang interes ng mga Mindoreño mula sa iba't ibang uri at sektor. Kaya maituturing na sagradong kapasyahan ito na dapat mahigpit na ipatupad, ipagtanggol at ipaglaban ng buong mamamayan ng Mindoro.

Noong ika-9 ng Hunyo 2022, nadugtungan ang bisa ng SPO 01-2002 nang pinalawig ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang 25-taon moratorium hanggang taon 2052 sa pangunguna ng Bise Gobernador Antonio Jojo Perez. Ganun pa man, isinabatas ng kasunod na termino ng SP sa ilalim ng bagong Bise Gobernador Ejay Falcon ang Provincial Ordinance 145-2022 ng Nobyembre 2022 na nagpahintulot sa extraction ng armour rocks. Pagkwari ang paraan nito na isang anyo ng surface mining.

Ang surface mining ay magdudulot ng mga pagguho ng lupa, pagbaha at pagkawala ng topsoil sa eryang paglulunsaran nito na may epekto sa agrikultura.

Karugtong na epekto nito pagbaha, pagbanlik at polusyon sa mga ilog at karagatan na tumatama sa buhay at kabuhayan ng lahat. Pinakabulnerable ang mahihirap na mamamayan hindi lamang sa Mindoro kundi maging sa karatig na mga probinsya at isla.

Sa kabila ng mining moratorium, nailusot ang SP 145-2022 na patunay na may ilang makikinabang subalit sinasakripisyo ang kapakanan ng mas maraming magsasaka, mangingisda at iba pang mahihirap na Mindoreño.

Ang palusot na batas na ito na nagsilbing kalang sa pinto laban sa moratorium sa pagmimina ay maniobra ng lokal na burukrata sa pangunguna ni Gobernador Humerlito "Bonz" Dolor at ng katandem niyang Bise Gobernador Ejay Falcon na namumuno sa sanguniang panlalawigan.

Paunang hakbang din ito upang sukatin kung gaano pa kalakas ang pagtutol sa pagmimina at matukoy sino pa ang mangangahas na tumutol sa harap ng malakas ng hataw ng RCSP-ELCAC, red tagging at miiitarisasayon sa pangunguna ng 203rd Bde-PNP MIMAROPA.







*Kumilos ang mamamayan laban sa paggawad ng Environmental Compliance Certificate (ECC) sa Intex noong 2009.*

Ang pagpayag na minahin ang armour rocks ay pasakalye sa mas opensibang kampanya ng mga makapangyarihang blokeng pabor sa pagmimina na binubuo ng mga panginoong maylupa-burgesya komprador (PML-MBK) at matataas na burukrata na siyang pangunahing makikinabang sa mga kontrata sa extraction ng mineral tulad ng armour rocks.

Pumapalakpak naman ang mga dayuhang kapitalistang matagal nang naghahangad na mapasakamay nila ang mga mineral na susi sa kanilang mga negosyo sa pandaigdigang saklaw.

Marami pang imbak na mineral at likas na yaman sa Mindoro, kabilang ang nickel na biglang tumaas ang pandaigdigang pangangailangan bilang sangkap sa paggawa ng mga bateri ng mga gadget at de-kuryenteng sasakyan.

Ang Mindoro Nickel Project (MNP) na itinuring na isa sa 24 prayoridad ng gobyerno sa proyektong pagmimina sa buong bansa ay hawak pa rin ng Intex Resources ASA ng Norway ang Mineral Processing Sharing Agreements (MPSA).

Sa kabila ng pagpapatigil ng operasyon nito noong 2008, patuloy itong nagbubuhos na pondo sa panlipunang pamumuhunan, imprastruktura at maniobra upang matanggap ito ng Mindoreño. Kung hindi man matanggap ay pilit itong maipataw kasabay ng militarisasyon sa isla.

Miminahin ng Intex ang nickel at cobalt sa 11, 216 ektaryang lupaing nasa watershed area ng maraming sapa at bukal na bumubuo ng mga ilog ng Mag-asawang Tubig at Bucayao sa OrMin at ng Amnay sa bahaging Occidental Mindoro.

Nakaambang magtapon ito ng walong milyong toneladang basura ng mina kada taon na unang tinakda sa land-based tailing dams sa mga bayan ng Pola, San Teodoro, Pinamalayan at Calapan na unang plano nito.

Binago ng Intex ang paraan ng pagtapon ng basura tungong submarine tailing disposal dahil sa pagtutol dito ng mga Mindoreño. Subalit naging dagdag na isyu ang pagtatapon ng basura sa kailaliman ng dagat ng Mindoro na bahagi ng pandaigdigang sentro ng marine biodiversity.

Pursigidong nakikipaggitgitan ang mga Mindoreño laban sa mga taong nagtutulak ng pagmimina sa isla. Dinanas ng mga Mindoreño ang pangrarahuyo, panlalansi, pagbabanta hanggang red tagging at pagtaas ng antas ng militarisasyon sa isla maipatupad lamang ang MNP.

Ipinagmamalaki ng mga kumpanya sa mina na makikinabang ang mga mamamayan dito sa anyo ng trabaho, buwis sa lokal at pambansang pamahalaan, proyektong sosyo-ekonomiko at tulong sa mga komunidad sa paligid ng minahan.

May pangakong tatalima diumano sila sa mga pangkalikasang garantiya at sa itinatakda ng batas. Subalit mas pangunahin at nagdudumilat ang mapangwasak na epekto nito sa mamamayan, kabuhayan at kalikasan.

Mula nang binigyan ng Environmental Compliance Certificate (ECC) ang Intex (dating Mindex) ng dating DENR Secretary Lito Atienza noong Oktubre 2009, naging makasaysayan ang malawakang pagtuligsa dito ng mamamayang Mindoreño.

Masiglang nagkampanya ang mga samahang kontra-mina sa pamamagitan ng mga talakayan at

pag-aaral sa mga pamayanan, paaralan, samahang sibiko at simbahan. Naging paksa ito sa isinagawang taunang pagtitipon ng mga katutubo na sa kalaunan pinangalanan nilang Mangyan Day. Isang kulminasyon ng mga aktibidad ang martsa-rali sa Calapan City, OrMin na dinaluhan ng 5,000 mamamayan noong 30 Oktubre 2009.

Pangunahiing dinala ng mga Mindoreño ang kanilang pagtutol laban sa pagmimina sa lahat ng bayan sa Isla hanggang sa punong luklukan ng kapangyarihan- sa Mendiola at mga opisina ng pambansang pamahalaan.

Noong Marso 2009, ang mga progresibong Partylist ay naghapag ng House Resolution 997 na nag-aatas sa Committee on Ecology upang imbestigahan ang Intex at Aglubang Mining na magtatapon ng kanilang mine tailings at magkokontamina sa tubig na dapat nailaan sa mga inumin, palayan at mga pananim na pangunahing kabuhayan ng mga Mindoreño.

Konsistente din ang mga taong simbahan sa pagkilos laban sa pagmimina. Aktibo ang mga samahang hawak nito kabilang ang ilang samahang katutubo. isinagawa nito ang Prayer vigil at hunger strike sa harap ng opisina ng DENR sa Quezon City noong 2009 bilang pagtutol sa mining clearance na iginawad ng nabanggit na opisina.

Nagsagawa naman ng 2-araw na kumperensya sa pangangalaga ng kalikasan ang LGU-CSO (Local Government Unit- Civil Society Organizations) noong Oktubre 2009 na nagbigay supporta sa 25-taon moratoryum.

Kabilang sa mga dumalo rito ang gobernador ng dalawang probinsya sa isla sa panahong iyon (Arnan C. Panaligan ng OrMin at Josephine Ramirez Sato ng OccMi), ang kinatawan ng mga SP ng dalawang probinsya, ang meyor ng Abra de Ilog (Eric Constantino), ang kinatawan ng mga Sangguniang Bayan ng Sta. Cruz at Victoria, at Sangguniang Lunsod ng Calapan. Kinatawan naman ng simbahang Katoliko si Bishop Warlito Cajandig.

*Itutuloy sa susunod na isyu.*

**PARANGAL**

# Dakilain ang buhay-at-pakikibaka ni Ka Hunter, Huwarang kabataan, martir ng rebolusyong Pilipino!

Pinakamataas na parangal at pagpupugay ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas - Mindoro kay Arc John "Ka Jack/Ka Hunter/Ka Baron" Varon, magiting na kadre ng Partido at opisyal ng BHB, sa walang pag-iimbot na pag-alay ng kanyang buhay para sa sambayanang Pilipino na malaon nang inaapi at pinagsasamantalahan.

Sina Ka Hunter at Nancy "Ka Mamay/Ka Liza" Looy Yaw-an ang dalawang pulang mandirigma na namartir sa isang labanan sa pagitan ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro at Charlie Company ng pasistang 68th IB - Philippine Army noong Mayo 30, 2023 sa Sitio Pasugui at Sitio Piñahan, Brgy. Malisbong, Sablayan, Occidental Mindoro.

## Ka Hunter: rebolusyonaryong martir at huwarang anak ng bayan


Mula sa uring petiburges, ipinanganak si Ka Hunter noong Enero 02, 2000. Bata pa lang ay kinakitaan na rin si Ka Hunter ng pagiging mapagkawanggawa at husay sa gawaing pang-organisasyon at pakikisalamuha sa iba dahil lumaki siyang aktibo at lider sa mga grupong pangkabataan sa loob ng simbahan.

Lalo pang tumaas ang pampulitikang kamulatan ni Ka Hunter sa pagpasok niya sa Polytechnic University of the Philippines sa kursong BS Chemistry. Kinaharap ni Ka Hunter ang tumitinding represyon sa loob ng kanyang paaralan, dagdag pa ang sumasahol na kalagayan ng pampublikong sistemang edukasyon sa mga State Universities and Colleges (SUCs).

Ito ang nagtulak upang maorganisa siya sa isang pambansa-demokratikong organisyon ng mga kabataan.

Sa patuloy niyang pag-aaral ng lipunan at paglubog sa batayang masa, naunawaan niya Ka Hunter na ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo ang tatlong salot sa lipunang Pilipino at ugat ng kahirapan ng mamamayan at pag-atrasado ng bansa.

Dahil dito, malalim na naunawaan ni Ka Hunter at mahigpit na niyakap ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan bilang tanging solusyon sa pundamental na problema ng lipunang mala-kolonyal at malapyudal sa Pilipinas.



## Ang pagbibinyag sa apoy ni Ka Hunter

Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, pinaigting ng reaksyunaryong gubyerno at buong naghaharing sistema ang kontra-rebolusyonaryong pag-atake sa buong rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.

Sa isla ng Mindoro at sa buong Timog Katagalugan, magiting na nakihamok ang Partido at BHB sa inspirasyon ng panawagang "lumaban upang magpalakas, magpalakas habang lumalaban".

Ganito ang pangkabuuang kalagayan noong unang pumasok si Ka Hunter sa yunit ng BHB sa isla ng Mindoro noong Disyembre 2019.

Isa siya sa mga kabataang-estudyante mula sa lungsod na nagpasyang makipag-integra sa yunit ng BHB at rebolusyonaryong masa sa kanayunan kasabay ng paggunita ng ika-51 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Naging bahagi sila ng mga kulturang pagtatanghal para sa pulong anibersaryo ng yunit ng BHB sa masang katutubo sa lokalidad. Bagamat maikli lamang ang naging pagbisita nila, naging makabuluhan ang papel nito para mabuo ang perspektiba ng mga kabataang-estudyante na muling bumalik sa kanayunan.

Patunay rito, tatlong buwan lamang matapos ang unang pagbibisita, Marso 2020, muling bumalik si Ka Hunter sa yunit ng BHB na pinasukan niya para mag-TOD. Dangan nga lang ay ibang-iba ang kalagayan kumpara sa una niyang naging pagbisita. Kagagaling lamang ng yunit sa isang depensibang labanan at nasa gitna pa ng FMO.

Dahil puspos ng entusiyasmo at rebolusyonarying optimismo, hindi naging dahilan ito para magdalawang-isip si Ka Hunter sa kanyang naging pasya na mag-TOD. Imbes, naging bahagi siya ng muling pagkokonsolida ng yunit upang muling humarap at gumampan ng rebolusyonaryong mga gawain.

Sa patuloy na paggampan ni Ka Hunter ng rebolusyonaryong gawain, tumibay ang pag-unawa sa kabuluhan ng armadong pakikibaka na isinusulong ng Partido at BHB sa kanayunan, at ang papel ng mga katulad niyang kabataang intelektwal mula sa kalunsuran, kung kaya nagpasyang buong panahong kumilos si Ka Hunter sa yunit ng BHB noong Oktubre 2020.



Binuksan nito ang bagong kabanata ng kanyang buhay, isang kabanata na puno ng mga gintong oportunidad upang higit na matuto mula sa praktika, magpaunlad ng sarili habang nag-aambag ng ganang-kaya sa armadong pakikibaka at paglaban ng mamamayan.

## Mag-aaral ng masa, huwaran ng tiyaga, entusiyasmo at determinasyon

Gumampan siya bilang giyang pampulitika na may tungkuling konsolidahin ang mga kasama at pataasin ang antas ng kakayahan ng mga kasama sa iba't ibang gawain lalong higit ang paglaban sa kaaway. Bukod sa tungkulin bilang opisyal pampulitika sa iskwad, nagsilbi din siyang opisyal sa lohistika ng platun.

Matiyaga at masigasig niyang inaral ang iba't ibang larangan ng mga gawain, dahilan para mabilis siyang matuto sa gawain sa hanay ng masa at mga teknikal na gawain sa yunit ng BHB. Ang kabang-yaman ng kaalaman mula sa masa at sa mga kasama ang naging mahusay na sandata ni Ka Hunter sa paggampan niya sa iba't ibang mga rebolusyonaryong gawain.

Malapit si Ka Hunter sa halos lahat ng mga kasama, madali siyang makapalagayang-loob kahit ng mga kasamang nagmula sa uring magsasaka at mga katutubo.

Hindi naging hadlang ang mga pagkakaiba sa kultura para makapalagayang-loob niya ang bawat kasama. Dahil masayahin, palatawa at mahilig makipagkwentuhan, hindi nag-aatubili ang mga kasama na lumapit at makipag-usap sa kanya.

Naging tatak din niya sa mga kasama ang hilig niya sa pagsusuot ng maikling shorts. Bagamat ilang beses itong natukoy sa kanya, di raw niya ito kayang bitawan dahil tila mamamatay raw siya sa banas kapag nagsuot siya ng pantalon o jogging pants.

Isa siya sa pinakamasisipag na instruktor sa literasiya at numerasiya na matiyagang nagtuturo sa mga kasamang hindi marunong magbasa, magsulat at magkwenta.

## Huwarang Opisyal ng BHB at Kadre ng Partido

Ang paglitaw, pagpanday at pagkakaroon ng Partido ng batang kadre sa katauhan ni Ka Hunter ang testamento ng walang patlang na pagsalin ng mga bagong dugo't henerasyon mula sa mga kabataan, ng kasariwaan at kasiglahan ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng Bagong Hukbong Bayan at ng rebolusyong Pilipino.

Bukas na tinanggap ni Ka Hunter ang mga itinalaga sa kanyang tungkulin at itinuring itong isang panibagong oportunidad para paunlarin ang kanyang rebolusyonaryong kaalaman at higit na makapag-ambag sa armadong pakikibaka.

Ayon sa kanya, "Dapat ituring na learning experience ang lahat ng bagong gawain at tungkulin na iniaatang sa atin at kahit mahirap ito ay kolektibo natin itong haharapin at tutupdin," Sa ganitong diwa, higit na naging tulak ito kay Ka Hunter na lumubog sa mga kasama at masa.

Matalas at hindi liberal si Ka Hunter. Hindi siya takot na tukuyin ang mga nakikita niyang mali at mga kahinaan ng kanyang sarili, ng bawat indibidwal o ng kabuuan. Ngunit mapanghimok rin siya sa mga kasamang nagkakamali at nahihirapan.

Mulat siya na ipaalala ang mga tungkulin na dapat ginagampanan ng bawat isa mula sa pagbabantay at pagtitiyak ng seguridad hanggang sa pampulitikang mga gawain.

Maalalahanin siya kapwa sa mga opisyal at sa mga kasamang pinamumunuan niya. Hindi siya nag-aatubiling samahan ang mga kasama sa paggampan sa mga gawain kapag tukoy niyang nahihirapan sila sa mga ito.

Habang mulat siya sa kanyang mga limitasyon, hindi rin siya nagdadalawang-isip na mag-ambag at magsalita sa mga pulong na kinabibilangan niya kahit mas matatanda at mas matatagal nang kumikilos ang kanyang mga kaharap.

Sa pagpanaw ni Ka Hunter, nawalan tayo ng isang mahusay na anak ng bayan, magiting na mandirigma at opisyal, at matibay na katuwang sa paglaban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Sa isang banda, nagsisilbing hamon at inspirasyon ang buhay at pakikibaka ni Ka Hunter upang higit nating tanganan ang mga tungkuling iniwan niya hanggang sa makamit ang layuning mapalaya ang sambayanang Pilipino mula sa tanikala ng daantaong pagkaalipin.

Pinatutunayan lamang ng buhay ni Ka Hunter na ang landas ng rebolusyon ay dapat na tahakin ng lahat.

Dapat na tularan ng milyun-milyong kabataang Pilipino si Ka Hunter, buong tapang na sumuong sa landas ng rebolusyon, matuto at lumubog sa masang anakpawis, pandayin ang sarili sa sakripisyo at kahirapan, at palaging taglayin ang diwang palaban na puspos ng rebolusyonaryong optimismo.

**PARANGAL**

# Ka Mamay: Pulang Hukbo at Mabuting Anak ng Bayan

Pinakamataas na pagpupugay ang ipinapaabot ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ng Mindoro kay Nancy "Ka Mamay" Looy Yaw-an, na nasawi sa isang depensibang labanan sa Sitio Piñahan, Brgy. Malisbong Sablayan Occidental Mindoro noong Mayo 30,2023.

Si Nancy Looy Yaw-an o mas kilala ng masa na si Ka Mamay ay mula sa katutubong Mangyan-buhid, sa Brgy. Limlim Rizal, Occidental Mindoro. Maagang bahagi ng kanyang kabataan ay nakita na niya ang dahas at ang pagpapabaya ng reaksyunaryong gubyerno sa mga tulad nilang katutubo sa isla.

Biktima ng pagpapalayas sa hanay ng mga katutubo ang kanyang pamilya. Upang makapagsimula ulit, mula sa bayan ng San Jose ay napadpad ang kanyang pamilya sa bahagi ng bayan ng Rizal upang doon mamuhay. Dito naging benepisyaryo ang pamilya niya ng rebolusyong agraryo dahil sa paglansag ng mga pastuhan sa kanilang lugar upang mapakinabangan ng mamamayan ang lupa.

Mula nito ay nakita na niya ang maayos na pamumuhay ng mga tulad niyang anakpawis na tinahak ang landas ng pakikibaka sa gabay ng Partido. Naging susing katuwang ng mga kasama ang kanyang mga kababaryo sa usapin ng seguridad at pagtataguyod sa yunit ng Hukbong Bayan.

Kahit na nagkaroon ng sarili niyang pamilya ay hindi pa rin nawala sa puso niya ang diwa ng paglaban, kaya't nang may nagpresintang pagkakataon upang siya ay magbigay ng kanyang buong panahong pagkilos sa yunit ng Hukbong Bayan ay hindi na siya nagdalawang-isip pa at sumapi na sa BHB.



### Babae, Propagandista, Medik ng bayan at Mandirigma

Sa lipunang malakolonyal at malapyudal, napakababa ng pagtingin sa hanay ng kababaihan. Isa si Ka Mamay sa mukha ng makabagong Gabriela Silang dahil hindi lamang niya nilagpasan ang limitasyon ng pagiging babae sa loob ng reaksyunaryong lipunan, kundi maging ang pagtingin sa mga kababaihang katutubo.

Hindi biro ang kanyang naging pag-angkop sa kultura upang makasabay sa mga hindi katutubong kasama niya sa yunit.

Kinaharap niya ang pag-angkop sa pagpapaliwanag sa masa lalo na at hindi siya sanay sa paggamit ng lengguwaheng Tagalog.

Sa kabila nito, pinatunayan niya na katutubo man o di katutubo ay kinakailangang magkaisa dahil parehas lang namang kalunos-lunos ang dinadanas

nilang kalagayan sa ilalim ng reaksyunaryong lipunan.

Katuwang si Ka Mamay ng yunit sa pagpapaliwanag sa hanay ng katutubong kababaihan upang imulat sila. Bukod rito, mahusay rin siyang katuwang sa pag-aaral ng mga tereyn o kalupaan upang abutin ang mas malawak na masa.

"Mapagkumbaba at walang yabang sa katawan," ganyan siya ilarawan ng kanyang mga nakakasama sa iskwad. Hanggat kaya niyang gawin ang gawain ay di niya ito tatanggihan.

Matiyaga niyang inaral ang mga letra kahit na siya ay nahihirapan sa pagkilala ng mga ito. Dahil sa sipag niya sa pag-aaral sa literasiya at numerasiya ay natutunan niyang magbasa at magsulat mula sa dating hindi marunong sumulat at bumasa.

Ang kanyang tiyaga sa pag-aaral ang naging puhunan niya para mag-aral ng panggagamot. Naipaunawa niya sa kapwa niya katutubo ang halaga ng sanitasyon at nutrisyon upang maging malusog ang katawan lalo na ng panahon ng COVID-19. Nagagawa niyang magbigay ng payong pangkalusugan sa mga masang kanyang nakakasalamuha sa karaniwang sakit na nararanasan ng masa.

Larawan din si Ka Mamay ng katatagan sa rebolusyon. Isa siya sa mga katutubong Mangyan-Buhid sa yunit na may pinakamahabang panahon sa pagkilos, hindi lamang sa bayan na kanyang kinalakihan kundi maging sa buong larangan.

Nakaranas man ng masasalimuot na karanasan ay nanatiling matatag ang kanyang paghawak sa prinsipyo at paninindigan sa Hukbong Bayan. Sa huli, nanaig ang kanyang determinasyong magpatuloy at maglingkod sa masang inaapi at pinagsasamantalahan.

Malaki ang naging bahagi ni Ka Mamay upang iorganisa ang pagsisiyasat at paglaban sa paglabag sa karapatang pantao ng mga pasistang sundalo sa saklaw ng kanilang erya. Dahil dito, nailantad at nalabanan ng masa ang matinding harassment at paglabag sa kanilang karapatan.

Habang nasa kasagsagan ng gawain, natulak ang tim ni Ka Mamay sa isang depensibang labanan na kanyang ikinasawi. Ngunit hanggang sa pinakahuling patak ng dugo ni Ka Mamay, inalay niya ito sa masang inaapi at pinagsasamantalahan.

Hindi kailanman malilimutan ng masa ang ipinakitang kagitingan nila Ka Mamay at Ka Hunter sa paglaban sa kaaway ng Mangyan-Buhid at sambayanang Pilipino. Magiging walang kamatayan ang diwa at prinsipyong hinawakan ni Ka Mamay. Inspirasyon ito para sa mas malawak na hanay ng mga pambansang minorya, kaisa ng magsasaka at lahat ng uring dinudusta upang tumangan ng armas at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

**PARANGAL**

## *Pulang saludo at pagpupugay ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro kay Benito "Ka Laan" Tiamzon at Wilma "Ka Bagong-Tao" Austria-Tiamzon Abril 24, 2023*






**PULANG PAGPUPUGAY.** Lahat ng yunit sa ilalim ng LDGC ay tumugon sa panawagan ng Komite Sentral ng PKP-MLM na maglunsad ng 21 Gun Salute para kay Benito "Ka Laan" Tiamzon at Wilma "Ka Bagong-Tao" Austria-Tiamzon, ang mga kapita-pitagang lider ng PKP-MLM, na pinaslang ng berdugong estado noong Agosto 2022.

***Sa dambana ng mga bayani at martir, panatang isulong at palakasin ang rebolusyon***

KULTURA

# KA MAMAY

*ni Ka Tintin*

Naaalala kita
Tuwing mainit ang sitwasyon
"Relaks lang!"
Ito ang pampakalma

Naaalala kita
Tuwing nagbabantay
"Pag maliit na (h)akbang ay (h)ayop
Pag malaki ay tao
Ito ang pandama sa kadiliman

Naaalala kita
Tuwing nagmamaniobra
Akin na ang tiyak kong kaserola
Saingan sa pamamahinga
Ito ang dedikadong por
sa sipag at tyaga

Naaalala kita
Tuwing may maingay
Pabulong kang mananaway
Tahimik ka at
matiyagang mag-aantay
Nag-aabang sa puputukang kaaway

Naalala kita
Tuwing depensiba
Kukuha ng kober
at puputukan ang kalaban
Ito ang totoong
matapang na may gulang

Naalala kita
Tuwing opensiba
Dahan-dahan tayong lalapit
Pabor ang pusisyon
Guguluntangin
ang kampanteng kaaway
Ito ang titiyak sa tagumpay

Maalala kita palagi
Pagkat huwaran ka ng manunula
Tahimik, maliksi,
maingat sa paghakbang
Matiyaga, masipag, maingat sa pagbilang
Manunula ka ng puso ng masa
Sa pag-ibig mong pinadama
Paninindigang matibay at paglilingkod ng kusa

Maalala kita Ka Mamay
Babae, mahinahon, magiting na mandirigma



***Mabuhay ang alaala ng mga rebolusyonaryong martir!***

KULTURA

# MABUHAY ANG GININTUANG ANIBERSARYO NG NDFP!



*Makulay at masigla ang naging pagdiriwang ng isang yunit ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro sa ika-50 anibersaryo ng NDFP. Tagumpay na inilunsad ang mga pulong anibersaryo sa buong Mindoro sa kabila ng operasyong militar ng pasistang AFP-PNP-MIMAROPA!*







**PANAWAGAN.** Tangan ang temang "Tanganan ang Sulo ng Digmang Bayan sa ika-50 anibersaryo ng NDFP", binaybay sa programa ang pagtatag ng NDFP, 12 puntong programa nito at ang limampung dahilan bakit kailangang ipagdiwang ang anibersaryo ng NDF.

**KULTURANG PAGTATANGHAL.** Naging makulay ang selebrasyon sa pagsagawa ng mural at mga flags ng mga kabataan. Habang nagtanghal din sa pagitan ng programa ng mga awit galaw ang unit ng BHB at mga kabataan. Nag-ambag naman ang ilang magsasaka at kabataan ng kanilang mga tula habang ang mga katutubong dumalo ay nag-alay ng kanilang awit.





**PARANGAL.** Naglaan din ng puwang sa programa upang magbigay pagpupugay sa mga lahat ng naging martir ng rebolusyunaryong kilusan mula kina Ka Joma Sison, Ka Wilma at Ka Benito Tiamzon at sa lahat ng martir ng Rehiyong Timog Katagalugan at sa isla ng Mindoro.

**Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.**

**Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:**

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

*Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph*